

*Larawan ng rider na nakaupo sa tren*

## Ano ang Title VI?

Ang Title VI ng Civil Rights Act of 1964 ay isang Pederal na batas na nagpoprotekta sa mga indibidwal laban sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, habang gumagamit ng anumang programa na tumatanggap ng pederal na tulong-pinansyal.

## Ano ang Bumubuo ng Diskriminasyon sa ilalim ng Title VI?

Ang diskriminasyon sa ilalim ng Title VI ay maaaring mangyari kapag ang isang tao, o isang partikular na grupo ng mga tao ay pinagkaitan ng pampublikong benepisyo o serbisyo ng Metro batay sa kanilang lahi, kulay o bansang pinagmulan.

---

"Walang tao sa Estados Unidos ang dapat na, batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan, hindi ibilang sa paglahok sa, pagkaitan ng mga benepisyo ng, o isailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng Pederal na tulong-pinansyal." (Pub. L. 88– 352, Title VI, §601, Hulyo 2, 1964, 78 Stat. 252).

---

# Sino Tayo

## Office of Equal Employment Opportunity (OEEO)

Responsibilidad ng Office of Equal Employment Opportunity (OEEO) na tiyaking naisasakatuparan ang lahat na rekisitong tinukoy sa mga patakaran ng WMATA bilang pagsunod sa Batas sa Karapatang Sibil.

Ang OEEO ay isang tanggapan na walang pinapanigan na hindi nagtataguyod para sa mga empleyado o WMATA. Para sa mas maraming impormasyon sa mga karapatan mo sa ilalim ng Title VI, para humiling ng naka-print na kopya ng Title VI form, o para maghain ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

## Pagtalima sa Title VI, Office of Equal Employment Opportunity (OEEO)

Telepono: 202 962-2582
Email: title.vi.complaint@wmata.com
Web: www.wmata.com

Higit pang Impormasyon


Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon na nasa wikang nais mo, makipag-ugnayan sa amin sa **202 637-7000 (TTY 202 638-3780)**.

## Mapipili mong maghain ng reklamong Title VI sa US Department of Transportation:

US Department of Transportation
Office of Civil Rights ng Federal Transit Administration
1200 New Jersey Avenue, 5th Floor
Washington, DC 20590

metro

**Washington Metropolitan Area Transit Authority**
**300 7th Street SW**
**Washington, DC 20024**




*Station manager na umaasikaso sa mga customer*

# Washington Metropolitan Area Transit Authority

**Title VI ng Civil Rights Act of 1964**

**Abiso sa Publiko**

metro



*Riggs Road Line Metrobus Study – Bilingual outreach*

## Pahayag sa Patakaran ng Title VI

Panata ng Washington Metropolitan Area Transit Authority (Metro) na tiyaking walang tao na hindi ibibilang sa paglahok o pagkakaitan ng mga benepisyo ng mga serbisyo nito, o kaya'y dumaan sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, gaya ng itinatadhana ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964, ayon sa pagkaka-amyenda.

Tungo sa mithiing ito, layunin ng Metro na:

- Tiyakin na ang antas at kalidad ng serbisyo sa transportasyon ay ibinibigay sa paraang walang diskriminasyon;
- Tukuyin at tugunan, nang naaangkop, ang hindi panta na mataas at masamang epekto sa kalusugan ng tao at kapaligiran, kabilang ang mga epekto sa lipunan at ekonomiya ng mga programa at aktibidad sa populasyon ng minorya at mababa ang kinikita;
- Isulong ang buo at patas na pakikilahok sa paggawa ng desisyon sa pampublikong transportasyon nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan;
- Pigilan ang pagkakait, pagbabawas o pagkaantala ng mga benepisyong nauugnay sa mga programa at aktibidad na pinapakinabangan ng minorya o populasyong mababa ang kinikita;
- Tiyakin na ang mga indibidwal na may limitado, o walang kasanayan sa Ingles ay may makabuluhang access sa mga programa at aktibidad.

## Mga indibidwal na Limited and non-English Proficient (LEP/NEP)

Ang Limited and non-English Proficient (LEP/NEP) ay tumutukoy sa mga indibidwal na hindi Ingles ang kanilang pangunahing wika at may limitado o walang kakayahang magbasa, magsulat, magsalita, o umunawa ng Ingles. Kabilang dito ang mga taong nag-ulat sa US Census na hindi gaanong mahusay ang kanilang pagsasalita ng Ingles.

Ang Language Assistance Plan ng Metro ay nasa website ng Metro.

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon na nasa wikang nais mo, makipag-ugnayan sa amin sa **202 637-7000 (TTY 202 638-3780).**

## Title VI Proseso ng Pagreklamo

### Paano Maghain ng Reklamo

Kung naniniwala kang naging biktima ka ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, maaari kang maghain ng Title VI na reklamo sa Metro sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng sinasabing (mga) discriminatory act.

Dapat na kasama sa nasusulat na nilagdaang reklamo ang:

- Pangalan, email address, at numero ng telepono
- Isang paglalarawan ng sinasabing diskriminasyong ginawa at kung bakit ka naniniwala na ikaw ay naging biktima ng diskriminasyon (magsama ng maraming impormasyon hangga't maaari)
- Ang (mga) pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kung nalalaman, ng sinumang taong maaaring kontakin ng Metro para sa karagdagang impormasyon para suportahan ang iyong (mga) paratang; at ang iyong pirma.

Ipadala ang iyong reklamo sa Metro sa address sa likod ng brochure na ito.

## Ano ang mangyayari sa aking Reklamo?

Kapag natanggap na ang isang reklamo, itatala ito sa database ng Customer Relations Management at itatalaga sa isang imbestigador.

Batay sa pagtanggap ng lahat na impormasyong kinakailangan, iimbestigahan ng OEEO ang isang Title VI na reklamo sa loob ng 90 araw pagkaraang matanggap. Maghahanda ang imbestigador ng isang draft na nasusulat na tugon na sasailalim sa pagsusuri ng Direktor ng OEEO. Ang Direktor ng OEEO ang gagawa ng panghuling pagpapasiya at aaprubahan ang panghuling tugon sa nagreklamo.

Ang pagtanggap ng karagdagang impormasyon o sabay-sabay na paghahain ng reklamo sa Metro at isang panlabas na entidad ay maaaring palawigin ang oras ng pagresolba sa reklamo. Ang pagkabigo ng nagreklamo na maibigay ang hiniling na impormasyon sa pagsapit ng partikular na petsa, ay maaaring magresulta sa administratibong pagsasara o pagkaantala sa pagresolba ng reklamo.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga obligasyon ng Metro sa walang diskriminasyon, magpadala ng mensahe sa OEEOHotline@wmata.com.